# Pansamantala laban sa Walang Hanggan

## NOTES

## WARM-UP

- Ibahagi ang isang layunin na itinakda mo ngayong taon? Natupad mo na ba ito? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang isa sa mga pinakamahal na bagay na pag-aari mo? Ano ang gagawin mo kung kailangan mo itong iwan o talikuran? Bakit ganito ang gagawin mo?
- Ano ang nais mong maisulat sa iyong lapida? Ano ang gusto mong maalala sa iyo ng mga tao? Bakit ito ang gusto mo?

**WORD**

*[18]Turuan mo silang gumawa ng mabuti, maging mayaman sa mabubuting gawa, at mapagbigay at matulungin sa kapwa. [19]Sa ganoon, makapag-iipon sila ng kayamanan sa langit na hindi mawawala, at matatamo nila ang tunay na buhay.* **1 TIMOTEO 6:18,19**

---

Sa kabanatang ito, pina-alalahanan ni Pablo si Timoteo na lumayo sa mga maling aral, piliin na maging kontento, at ipaglaban ng mabuti ang pananampalataya. Sinabi niya na ang kayamanan ay may mas malaking layunin—ang bukas-palad na pagbibigay—at ang materyal na yaman ay hindi mahalaga kapag inihambing sa kung sino ang Diyos at kung ano ang mayroon tayo sa Kanya. Ang materyal at panandaliang yaman ay hindi kailanman mapapantayan ang masagana at walang hanggang yaman na mayroon tayo kay Kristo.

## 1 Ang mga pansamantalang yaman ay maglalaho.

*"Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan para sa inyong sarili rito sa mundo, dahil dito ay may mga insekto at kalawang na sisira sa inyong kayamanan, at may mga magnanakaw na kukuha nito."* **MATEO 6:19**

Ang mundo ay nagtuturo sa atin na hangarin ang kayamanan—ang mas maraming pera sa bangko, mas malaking bahay, o mas magandang kotse, mas magarang pamumuhay . . . subalit sinabi ni Jesus na ang mga yamang ito sa mundo ay hindi magtatagal. Ano ang sinasabi sa Bibliya tungkol sa mga naghahangad na yumaman? (1 Timoteo 6:9)?

## 2 Ang kayamanan na walang hanggan ay mananatili.

*". . . mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw."* **MATEO 6:20**

Araw-araw, tayo ay nag-iipon ng yaman sa lupa o sa kalangitan. Bilang mga Kristiyano, tayo ay inutusan na mag-ipon ng yaman na matatagalan ang paglipas ng panahon at mga pagsubok sa buhay. Maaari tayong mamuhay sa paraang makapagpapasaya sa atin ngayon o maaari tayong mamuhay sa ikalulugod ng Diyos—isinasa-isipan ang buhay na walang hanggan kasama Niya. Ano ang maaaring makamit ng sinuman na ipaglalaban nang mabuti ang kaniyang pananampalataya?

## 3 Ang buhay na walang hanggan ay walang bayad.

[8]*Dahil sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Kristo. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo.*
[9]*Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmamalaki ang sinuman.* **MGA TAGA-EFESO 2:8,9**

Bagamat tinuturuan tayo ng Bibliya na gumawa ng mabuti, hindi ito para sa ating kaligtasan o sa pagkamit ng biyaya ng Diyos. Maliligtas lamang tayo sa ating mga kasalanan at magkakaroon ng buhay na walang hanggan dahil sa ginawa ni Kristo sa krus. Ano ang kaibahan ng regalo at trabaho? Ano ang naging tugon mo sa regalo na buhay na walang hanggan na ibinigay sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo?

## APPLICATION

- Naiintindihan mo ba ang ginawa sa iyo ni Jesus sa krus? Ano ang iyong tugon sa katotohanan na kay Kristo, ang buhay na walang hanggan ay walang bayad?
- Saan mo iniipon ang iyong yaman? Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin sa ibang pamamaraan ngayong linggo upang ikaw ay makapag-ipon ng yaman sa kalangitan?
- Ikaw ba ay namumuhay batay sa nakaraan, kasalukuyan, hinaharap, o buhay na walang hanggan? Paano mo magagawang mamuhay nang isinasa-isipan ang buhay na walang hanggan simula sa araw na ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang mamatay sa krus para sa atin at nang makasama natin Siya ng walang hanggan. Ipanalangin na ikaw ay magkaroon ng mas malalim na pang-unawa at pagpapahalaga sa ebanghelyo itong linggo.
- Itakda sa iyong sarili ang pamumuhay sa paraang ikalulugod ng Diyos at manalig na ikaw ay Kanyang pararangalan kung uunahin mo Siya sa iyong buhay. Ipanalangin na ikaw ay mamumuhay para lamang sa Kanyang kagalakan at kadakilaan.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka magiging isang pagpapala sa ibang tao at kung paano ka magkakaroon ng pangwalang hanggan na pananaw sa lahat ng iyong gagawin.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph